*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# Liturgy of the Hours

## Panalangin sa Takipsilim

Ika-25 ng Abril, 2024

Kapistahan ni San Marcos Manunulat ng Mabuting Balita

LITURGY OF THE HOURS

EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Kung tayo ay mamatay kasama ng PANGINOON,
Mabubuhay din tayong kasama ang PANGINOON.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Kung tayo ma'y nagtiis kasama ng PANGINOON,
Tayo ri'y maghahari kasama ng PANGINOON.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Lahat ay nasa kanya, kahit ating kalungkutan;
Nasa kanya ang lahat maging ating kagalakan.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Lahat ay nasa kanya, kahit ating kaligtasan;
Nasa kanya ang lahat maging ating pagmamahal.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay

At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Ang Panginoon ang aking tanggulan at ang aking tagapagligtas, aleluya.

*Salmo 144*

*(Panalangin para sa tagumpay at kapayapaan)*

*I*

Purihin ang PANGINOON, na aking sanggalang,
Sa pakikibaka, ako ay sinanay;
Inihanda ako, upang makilaban.

Matibay kong muog at Tagapagligtas,
At aking tahanang hindi matitinag;
Tagapagligtas kong pinagtitiwalaan,
Nilulupig niya ang sakop kong bayan.

Ano ba ang tao, PANGINOON namin?
Siya'y tao lamang na 'yong pinapansin.
Katulad ay ulap na tangay ng hangin,
Napaparam siya na tulad ng lilim.

Langit mong tahanan ay iyong hubugin,
PANGINOON, lisanin mo't bumaba sa amin;
Mga kabundukan ay iyong hipuin,
Lalabas ang usok, aming mapapansin.
Ang maraming kidlat ay iyong suguin,
Lahat kong kaaway iyong pakalatin;
Sa pagtakas nila ay iyong tudlain!

Hawakan mo ako at iyong itaas,
Sa kalalimang tubig ako ay iligtas;
Ipagsanggalang mo't nang di mapahamak
Sa mga dayuhang may taglay na lakas,

Ubod sinungaling na walang katulad,
Kahit ang pangako ay sumpaing lahat.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ang Panginoon ang aking tanggulan at ang aking tagapagligtas, aleluya.

*Antipona 2*

Salamat sa ating Diyos na nagkaloob sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesus, aleluya.

*II*

O Diyos, may awitin akong bagung-bago,
Alpa'y tutugtugin at aawit ako.
Tagumpay ng hari ay iyong kaloob,
At iniligtas mo si David mong lingkod.

Sa mga malupit na aking kaaway,
Iligtas mo ako; sa kapangyarihan
Ng mga banyaga ay ipagsanggalang;
Sila'y sinungaling, di maaasahan,
Kahit may pangako at mga sumpaan.

Ang mga lalaki nating kabataan,
Lumaking matatag tulad ng halaman.
Ang kadalagaha'y magandang adorno,
Kahit saang sulok ng isang palasyo.

At nawa'y mapuno, mga bangan natin
Ng lahat ng uri ng mga pagkain;
At ang mga tupa'y magpalaanakin,
Sampu-sampung libo, ito'y paramihin.
Sana'y dumami rin yaong kawan natin,
At huwag maaagas ang kanilang supling;

Sa ating lansangan, sana'y mawala na
Ang mga panaghoy ng lungkot at dusa!
Mapalad ang bansang ito'y nangyayari

Mapalad ang bayang ang Diyos ay ang PANGINOON!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Salamat sa ating Diyos na nagkaloob sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesus, aleluya.

*Antipona 3*

Si Kristo ay di nagbabago: kahapon, ngayon at sa habang panahon, aleluya.

*Awit: Pahayag 11:17-18; 12:10b-12a*

*(Ang hatol ng Diyos)*

PANGINOONG Diyos na Makapangyarihan sa lahat,
Diyos sa kasalukuyan, at sa nakaraan,
Nagpapasalamat kami na ginamit mo
Ang iyong walang hanggang kapangyarihan
At nagpasimula ka nang maghari!

Nagngingitngit ang mga di kumikilala sa Diyos.
Ngunit dumating na ang panahon ng iyong poot,
Ang paghatol sa mga patay,
At pagbibigay ng gantimpala sa mga propetang lingkod mo,
At sa iyong mga hinirang,
Sa lahat ng may takot sa iyo, dakila ma't hamak.
Panahon na upang lipulin mo ang mga nagpahirap sa sanlibutan.

Dumating na ang pagliligtas ng Diyos!
Ipinamalas na niya ang kanyang kapangyarihan bilang Hari!
Ipinamalas na ng Mesias ang kanyang karapatan!
Pagkat pinalayas na sa langit ang umuusig araw at gabi sa mga kapatid natin.

Nagtagumpay sila laban sa diyablo
Sa pamamagitan ng dugo ng Kordero
At ng kanilang pagsaksi sa katotohanan;
Hindi sila nanghinayang sa kanilang buhay.
Kaya't magalak kayo, kalangitan,

At lahat ng naninirahan diyan!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Si Kristo ay di nagbabago: kahapon, ngayon at sa habang panahon, aleluya.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*1 Pedro 3:18, 22*

Sapagkat si Kristo'y namatay para sa inyo. Namatay siya dahil sa kasalanan ng lahat — upang iharap kayo sa Diyos. Siya'y namatay ayon sa laman, at muling binuhay ayon sa Espiritu. Naghahari siya roon sa mga anghel at sa mga kapangyarihan at lakas na panlangit.

*Tugunan*

Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

— Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

Nang ang Panginoong muling nabuhay ay kanilang nakita,

— aleluya, aleluya.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Ang inyong kalungkutan ay magiging kagalakan, at ang kagalakang ito'y hindi maaagaw ninuman, aleluya.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.

Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng
Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ang inyong kalungkutan ay magiging kagalakan, at ang kagalakang ito' y hindi maaagaw ninuman, aleluya.

## Pangkalahatang Panalangin

Itinatag ng Ama kay Kristo ang sandigan ng lahat ng ating pag-asa at saligan ng ating pagkabuhay. Magalak tayo kay Kristo at dumalangin sa kanya:

— Hari ng kaluwalhatian, dinggin mo kami.

Panginoong Hesus, sa pamamagitan ng iyong pagkabuhay,
pumasok ka sa banal na pook ng kalangitan upang ialay ang dugo ng iyong sariling paghahandog,
akayin kaming kasama mo sa kaluwalhatian ng Ama.

— Hari ng kaluwalhatian, dinggin mo kami.

Sa pamamagitan ng iyong pagkabuhay, pinatibay mo ang

pananampalataya ng iyong mga alagad at isinugo sila sa buong mundo,
gawin mong ang mga obispo at mga pari ay maging matapat na tagapangaral ng Ebanghelyo.

— Hari ng kaluwalhatian, dinggin mo kami.

Sa pamamagitan ng iyong pagkabuhay, ikaw ay nagging sanhi ng aming pagbabalik-loob, at kapayapaan,
pag-ugnayin mo ang lahat ng mga binyagan sa ganap na pagkakaisa ng pananampalataya at pagmamahalan.

— Hari ng kaluwalhatian, dinggin mo kami.

Sa pamamagitan ng iyong pagkabuhay, pinagaling mo ang isang pilay sa pintuan ng templo,
tunghayan ang mga maysakit at ipadama sa kanila ang kapangyarihan ng kadakilaan mo.

— Hari ng kaluwalhatian, dinggin mo kami.

Ikaw ay naging panganay mula sa mga patay, ang unang ani ng muling pagkabuhay,
ipagkaloob sa mga yumaong umasa sa iyo ang pakikibahagi sa iyong kaluwalhatian.

— Hari ng kaluwalhatian, dinggin mo kami.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Ama naming makapangyarihan,
iyong idinangal si San Marcos na naging tagapaghatid
ng Mabuting Balita sa iyong kagandahang-loob.
Hinihiling naming kami sana'y umunlad
sa pagkakaroon ng kanyang kaalaman
upang ang mga yapak ni Kristo
ay matapat naming masundan
sa pamamagitan din ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

LITURGY OF THE HOURS

EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA

*www.ebreviary.com*